



Kapag Ang Lahat ng mga **Relihiyon ay Magkaisa** **Leksyon 31**

1. Karumal-dumal na mga espirtu ang lumabas mula sa mga bibig ng anong tatlong mga anyong apocaliptiko?

Apocalipsis 16:13 _____

2. Ang bulaang propeta ay kinilala bilang isa na anong ginawa?

Apocalipsis 19:20 _____

Ang mga gawaing iyon ay ginawa ng ikalawang hayop ng Apocalipsis, ang United States of America (Ihambing sa Apocalipsis 13:14). Nang tukuyin bilang isang “hayop”, gaya ng sa Katipulo 13, ang pinag-tutuunang pansin ay ang pamahalaang politikal ng bansa. Subalit nang tukuyin bilang isang “bulaang propeta,” ang pinag-tutuunang pansin na hindi magkakamali ay ang relihiyosong bahagi ng bansa. Ang pangunahing relihiyon sa United States ay ang Protestantismo. Ang Apocalipsis 16: 13 samakatuwid ay naglalarawan sa ecumenikong pagsasanib ng tatlong mga uri ng relihiyon: Paganismo o Espiritualismo, Katolisismo, at Protestantismo.

Maraming mga Protestantante ang hindi naka-babati o natatakot sa patuloy, mabilis na paglago ng kapangyarihan ng papa. Isinasantabi ang kanilang mga pagkaka-iba, ang mga pinunong Protestante ay nagsimula nang ligawan ang tulong ng Roma, marahang nilalaro ang kanilang mga sarili sa kamay ng sistemang pinagbuwisan ng buhay ng kanilang mga magulang upang labanan.

3. Ano ang sinabi sa atin tungkol sa karumal-dumal na mga espiritung ito?

Apocalipsis 16:14 _____

Ang espirtualismo dito ay isinalarawan bilang isa sa mga dakilang pandaraya sa mga huling araw. Mga espirtu ng mga demonyo, mga gumagawang mga himala, ay maaring magpakita na mga ministro ng katuwiran, makalangit na mga tagapag-dala ng pabalita, o bilang isang namatay na mahal sa buhay (tingnan ang Leksyon 10). Ang mga himalang ito, na ginawa sa kapangyarihan ng mga demonyo, ay ipapakita bilang katunayan ng kanilang maka-langit na pinagmulan. Ang ating tanging sanggalang laban sa pandaraya ay ang lubos na kaunawaan sa mga Kasulatan.

Ang paniniwalang ang mga patay ay may kamalayan, na pinanghahawakan ng halos lahat ng mga denominasyong Protestante, ay naglalapag ng haligi ng espirtualismo, at ang unang pinakamalaking kamalian kung saan pinagkakaisa ni Satanas ang mga tao sa ilalim na kaniyang pandaraya. Ito, kasama ang kamalian tungkol sa kabanalan ng Linggo, ay pinag-kakaisa ang mga denominasyon at itinatali sila sa Roma.

4. Ang tatluhang pagkakaisang relihiyosong ito ay mag-aakay sa pagtitipon para kanino?

Apocalipsis 16:14 _____

“Kayo'y magsamasama, Oh mga bayan, at kayo'y mangagkakawatakatak.” “Mangagsanggunian kayo, at yao'y mauwi sa wala.” Isa 8:9-10

5. Sila na nagtitiwala sa isang pagbabanta ay nararapat na manapang ilagak ang kanilang tiwala kanino?

Isaias 8:12-13 _____

6. Ipinakita kay Juan ang paghuhukom para kanino?

Apocalipsis 17:1 _____

Ating natutunan sa Leksyon 28 na ang “babae” sa simbolikong propesiya ay kumakatawan sa isang iglesia o

sistemang relihiyoso. Habang ang dalisay na babae ay kumakatawan sa tunay na iglesia ng Diyos, ang patutot ang pinaka-angkop na simbolo para sa isang tiwaling sistemang relihiyoso (tingnan ang Jeremias 3: 1-8, 20; Ezekiel 16: 15- 43; Jeremias 13: 27).

7. Kanino siya naki-apid?

Apocalipsis 17:2 _____

Walang samahang relihiyoso sa kasaysayan ang napatali sa mga hari ng lupa katulad ng sistemang Romano ng papa.

8. Ang mga nananahan sa lupa ay nalasing ng ano?

Apocalipsis 17:2 _____

Sa Mateo 9: 17 ginamit ni Jesus ang anyo ng alak upang tukuyin ang mga aral o mga doktrina. Ang “alak” sa Apocalipsis 17: 2, na pina-asim, ay magpapahiwatig ng mali o tiwaling mga aral.

9. Anong pagmamalabis na dekorasyon ang naglalarawan sa sobrang kayamanan ng relihiyosong samahan na ito?

Apocalipsis 17:4 _____

10. Sa ano siya nalasing?

Apocalipsis 17:6 _____

12. Anong pangalan ang nakasulat sa noo ng babae?

Apocalipsis 17:5 _____

Ang Creed of Pope Pius IV, Article 10, ay nagpapahayag na, “Kinikilala ko ang Santa Iglesia Catolica Apostolica bilang ina at ginang ng lahat ng mga iglesia.”

13. Naging ano ang kaniyang mga anak na babae?

Apocalipsis 17:5 _____

“Kung ano ang ina, gayon ang kaniyang anak na babae.” Ezekiel 16: 44 Ang mga denominasyong iyon na lumabas mula sa Katolisismo, subalit kumapit sa kaniyang mga doktrina at sumunod sa kaniyang makasanlibutang mga gawa ay inilarawan sa hindi kaaya-ayang pananalita ng higit sa kanilang ina.

14. Ano ang mangyayari sa kaniyang mga anak?

Apocalipsis 2:23 _____

15. Anong pabalita ang ipinapahayg ng ikalawang anghel sa Apocalipsis 14?

Apocalipsis 14:8 _____

Ang talatang ito ay nananawagan sa mas malawak na pagpapaliwanag sa salitang “Babylonia.” Sapagkat ang anghel na ito ay nagbabalita ng pagbagsak ng Babilonia, maaring tinutukoy niya ang relihiyong minsang naging daisay at ngayon ay naging tiwali. Ang Babiloniang ito ay hindi maaring ang Katolisismo, sapagkat ang sistemang iyon ay tiwali na sa loob ng daang mga taon at walang anumang ginawang mga pagbabago.

Sang- ayon sa talatang ito, ang Babilonia ay kinilala sa kaniyang “alak”, na bunga ng kaniyang pakikiapid sa sanlibutan. Ang paglalarawang iyon ay naa-angkop sa anumang samahan na nagtuturo ng mga doktrinang hindi tumutugma sa salita ng Diyos.

Ang salitang Babilonia, na nanggaling mula sa Babel, ay nagpapahayag ng kalituhan (Genesis 11: 9). Hindi ba ang salitang ito naglalarawan sa hindi mabilang na naglalaban-labang mga sekta ng Protestantismo? Ang ikalawang anghel na ito ay ipinadala upang ihayag ang pagbagsak na moral ng lahat ng mga denominasyong humiwalay mula sa dalisay na mga doktrina ng salita ng Diyos upang magturo ng ayon sa mga utos at mga salit'- saling sabi ng mga tao.

16. Sa anong malinaw na mga salita inilarawan ang moral na pagbagsak ng Babilonia?

Apocalipsis 18:2

Ipinapahayag ng anghel na ito na ang espiritualismo ay nakapasok na sa makabagong mga iglesia.
“Sapagka't dinaya ng iyong panggagaway ang lahat ng mga bansa.” Apocalipsis 18: 23

17. Ano ang tatlong mga karagdagang paratang ang ibinilang laban sa kaniya?

Apocalipsis 18:3

“Ang alak”. Kabilang sa maling mga doktrina na kung saan ang lahat ng mga bansa ay nalasing, ang pinakamalubha ay ang pangingilin ng Linggo, na niyayapakan ang ika-apat na utos ng Diyos.

“Ang mga hari sa lupa”. Ang mga Protestante ay nagiging malago na nakisangkot sa mga bagay na may kinalaman sa pamahalaan. Ang ugnayang ito ng mga grupong relihiyoso sa mga hari sa lupa ay nagbabanta sa pader ng pagkakahati na dapat makita sa pagitan ng iglesia at ng estado. Kapag tinanggal ang pader na ito, katakot – takot ang mga bunga.

“Ang mga mangangalakal sa lupa”. Ang propesiya ay humula na ang ang mga salik sa ekonomiya ay gaganap ng napakahalagang bahagi sa pang-huling araw na mga isyung panrelihiyon-pamahalaan.

Nakalulungkot na larawan ng makabagong relihiyon. Bagamat ang mga Protestanteng Repormador ay sumunod sa bawat sinag ng katotohanan na mayroon sila, ang mga samahang nagdadala ng kanilang mga pangalan ay nabigong umunlad sa higit pang liwanag, at bumagsak mula sa kadalisayan ng pananampalataya na minsan nilang pinanghawakan.

17. Anong huling panawagan ang narinig mula sa langit?

Apocalipsis 18:4

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

O Nauunawaan kong ang Biblia ay humula ng ecumenikong pagkaka-isa ng lahat ng mga relihiyon, at tinutukoy ito bilang Babilonia.

O Nauunawaan ko na, kung paanong ang dakilang patutot ng Babilonia ay kumakatawan sa tumalikod na inang iglesia, gayun din ang kaniyang mga anak na babae na kumakatawan sa mga grupong relihiyoso na lumago mula sa kaniya.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ikaw Ba ay Magiging Anak na Lalaki o Babae ng Diyos?*